PROTIPS

Cost-cutting Tips for Small Businesses by Marlene Legaspi-Munar

Napakahalaga ng pagtitipid, hindi lamang para sa mga individuals, kungdi lalo na sa mga businesses. For small businesses particularly, kailangang mapanatiling mababa ang overhead expenses lalo na sa panahon ng recession, upang makasurvive ito. If you have a small business, here are some cost-cutting tips for you.

First**, focus on creating and marketing your best selling products.** Always think of fresh ways to bring your products to the attention of your potential buyers. Hindi kasi sapat na may magaling kang produkto, dapat ay alam din ng mga mamimili na mayroon kang ganoong ipinagbibili. At kung itutuon mo ang promotion sa iyong mga best selling products, mababawasan ang gastos mo sa supplies na sana ay gugugulin mo sa paggawa ng iba pang produkto. Higit sa lahat your best selling products can bring increase sales to your business. Keep enough inventory on-hand, but don't stock too many. Baka hindi rin mabili lahat ang mga ito kaagad at maiipit ka lang dahil sa dami ng iyong nagastos.

At dahil napapag-usapan na rin ang tungkol sa supplies, bibigyan ko pa kayo ng isang tip tungkol dito. Second tip**, buy supplies that you only need.** Sa mga panahong matumal ang negosyo, maging wais sa pamamagitan ng pagbili ng mga supplies na kakailanganin lamang ng iyong negosyo sa mga panahong ganito. Shop around for shops that can give you a fair price. And in case you still haven't tried, subukan nyong pumunta sa Divisoria where you can find almost anything--mula hardware, garments, tailoring needs, art supplies, school and office supplies at marami pang iba--sa mababang presyo. Of course, ingat lang kayo para hindi ka madukutan.

Third, **as much as possible, pay all big debts.** Debt is one of the major causes of failure among small businesses today. Bukod sa napakalaking pressure na dulot ng pagkakautang, malaki rin ang nakakain ng interest sa iyong kinita. Kung wala ka nang

iniintinding utang, mafofocus mo ngayon ang iyong energy and resources to keep your business afloat.

Fourth, **regularly review your expenses.** Sa pamamagitan ng palagiang pagrerepaso ng iyong mga gastusin, madidiskubre mo kung saan ka maaari pang makapagtipid. Halimbawa ng expenses na dapat mong repasuhin ay ang telephone expenses. From time to time may mga special offers and deals na inaalok ang mga telephone companies from which you can benefit. May mga phone companies na nagbibigay ng special discounts or lower rates. Tingnan mo kung anong klaseng serbisyo ang meron ka at kailangan mo at siya namang inaalok ng mga kumpanyang ito. If you need to switch to a better phone company that will meet your business needs, then do so. Also, make sure that your business is paying for official long distance and cellular phone calls only, and not personal calls made by employees.

There you have it, our cost-cutting tips for those of you who have small businesses. Sana ay makatulong ito sa inyo.

PROTIPS

Cost-cutting tips for College Students by Marlene Legaspi-Munar

Ikaw ba ay isang estudyante na naghahanap ng paraan kung paano makakatipid? Sumasakit na ba ang ulo mo sa kaiisip, hindi ng Calculus, kungdi ng iyong budget? Gusto mo bang makatulong sa iyong parents para hindi na sila sisimangot kapag inabutan ka ng allowance? Well, ngayon sa Protips meron tayong mga cost saver tips para sa inyong mga nag-aaral sa college. Get your paper and pen and jot down these helpful cost-cutting tips.

First tip, **magtipid sa transpo.** If you live within the campus, baka mas practical na huwag mo munang gamitin ang iyong kotse to transfer from one building to another. Mag-Cadillac ka na lang, or, I think you know what I mean--mag lakad na lang muna. Good exercise na, tipid pa sa gasolina at maintenance. If you insist on going around

the campus on your own transpo, then try cycling. Kung malayo naman ang tinitirhan mo sa campus, try carpooling with other students who live along your route to school.

Second tip, para sa mga nagdodorm, **get a roommate with whom you can share your living expenses.** Humanap ka ng kapwa mo estudyante na nais ding magtipid tulad mo. Then you can talk about the specific things you can share. Puwede siguro kayong maghati sa groceries although this could be quite tricky if you don't know and care for each other that well.

Third tip, **imbes na mag-eat out or take out, magluto na lang kayo sa bahay.** Mas makakatipid kung magluluto na lang kayo ng instant mami with chopped vegetables, kesa umorder ng beef noodles sa isang restaurant. O imbes na magpizza, try hot pandesal with ketchup and cheese. That is, kung gusto mo talagang magtipid. Don't think kawawa ka naman dahil di ka makakain sa mga fastfood stores tulad ng iyong mga friends. Sometimes there's also fun in frugal living. Most of all, there's always a lesson to be learned during hard times. In the long run, hindi ikaw ang kawawa dahil naihanda mo na ang iyong sarili para sa mas malalaking challenges.

Speaking of cooking your own meals, may kinalaman dito ang fourth tip natin para kayo makapagtipid, mga estudyante. And that is, **bring lunch to school.** O, bago kayo magtaas ng kilay at bago kayo humiyaw, pakinggan nyo muna ko. Hindi ko naman sinasabi na magbitbit ka ng de latang lunch box na may litrato pa ng Sesame Street tulad noong nasa elementary ka pa. What you can probably do is neatly pack one viand to school for lunch. Magbaon ka ng kahit isang ulam lang at sa cafeteria ka na bumili ng rice and perhaps another cheaper dish.

Fifth, **clip coupons and take advantage of discounts.** Some stores give discounts on selected items if you would present to them their coupons which you could clip from newspapers or magazines. Ganoon din, ang ibang clubs or organizations ay may tie-up with some establishments and if you are a club member, take advantage of the priveleges na binibigay ng mga establishments na ito. Ngayon pa lang na estudyante

ka, mabuti nang matututo kang magtipid, whether you're forced by circumstances or whether you just realize it's wise to be thrifty.

PROTIPS

Cost-cutting Tips for Couples by Marlene Legaspi-Munar

Hardworking couples also need time to relax, have fun and enjoy intimate times together. Pero paano makakapag-date ang mag-asawa kung nagtitipid nga? Well, kahit kayo nagtitipid maaari pa rin kayong makapagrelax at makapagsayang mag-asawa. For our hardworking couples, here are some ideas for inexpensive dates:

If you're in a romantic mood, **subukan nyong makinig sa mga musikang pinakikinggan nyo noong magkasintahan pa kayo at simulan nyo nang mag-reminisce.** Kung meron pa kayong mga naitatagong cassette tapes ng inyong theme song, patugtugin nyo. O di kaya naman makinig kayo sa ating sister station, ang DZFE-FM, kung saan nagpapatugtog sila ng classical music. Or read each other's love letters, or look at your old photographs. O kaya naman, sa gabi kung bilog ang buwan, maglakad-lakad kayo sa loob ng inyong subdivision and end up in your subdivision's park. Hold hands at magkuwentuhan.

Kung kayo naman ay medyo intellectual type, **go to a bookstore and browse.** Hindi nyo man mabili lahat ng librong gusto nyo in one trip, at least mapapag-ipunan nyo ang halagang pambili ng mga librong ito sa susunod. Although most bookstores allow browsing, don't abuse it by reading an entire book or magazine without paying for it! Kung sawa na kayo sa bookstore, **visit a local museum.** May mga local museums na hindi naman naniningil ng entrance fee, o kung meron man ay maliit lamang. Ang pagbisita sa mga museum ay isang pagkakataon din para matuto tungkol sa kasaysayan ng isang komunidad.

Kung may naitatabi naman kayong perang pambili ng gusto nyo, then **go to a flea market.** Marami na ngayong tiangge kung saan makakabili ng mura. September na kaya puwede na rin kayong magsimulang mamili ng mga pangregalo sa inyong mga

inaanak at mahal sa buhay. Shop together and exchange ideas kung ano ang magandang pangregalo.

Kung pareho naman kayong mahilig sa pagkain, **go out for coffee and dessert instead of dinner.** Mas matipid, hindi ba? O kaya naman cook something together at home. If you want privacy, do it on a weekend para puwede munang pumunta sa mga lola ang inyong mga anak. At pagkatapos, sabay din kayong maghugas ng plato.

Think of other ways how you can have fun and relaxing times together nang hindi malaki ang magagasta. Ang mahalaga, ay magkasama nyo itong ginagawa at handa rin kayong magbigay sa isa't isa. Keep your sense of humor. Inexpensive dated need not be boring if you are creative.